

**(PROJECT OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA) upang  
mapaunlad ang pang-unawa o Komprehensyon sa pagbasa sa Filipino ng  
mga mag aaral sa ikalimang baitang ng Southville 5A Elementary School**



**JANET M. CUALBAR**

Guro III

Paaralang Elementarya Ng Southville 5A  
Division Of Biñan City

**ABSTRAK**

Sa Mababang Paaralan ng Southville 5A ng Lungsod ng Biñan, nakitang may mababang kakayahan ang mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa. Kaya't isinagawa ang pananaliksik upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ikalimang baitang.

Dahilan sa kinakaharap na pandemya ng covid-19 na kung saan ang mga bata ay hindi makakapasok sa paaralan ngunit hindi pweding tumigil sa pag-aaral kayat sa tulong ng makabagong teknolohiya naisip ng mananaliksik ang ang estratehiyang Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA, kung saan ang mga batang nangangailangan ng gabay ng guro ay magagabayan parin sa tulong ng mga online flatforms o bibigyan ng mga babasahin sa tulong ng gabay ng magulang o tagapagalaga.

Layunin nitong mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa gamit ang estratehiyang Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA gamit ang siyamnaput dalawang mag-aaral (92) na taga-tugon sa pag-aaral na tumagal ng anim na buwan. Idinukumento ang mababang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng research tools tulad ng mga katanungan, resulta ng PHIL-IRI (2021-2022).

Gumamit ang mananaliksik ng estratehiyang Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA bilang solusyon sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa.

*Susing Salita: (PROJECT OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA),  
Pagbasa, Pag-unawa*

## PANIMULA

Ang pagbasa ay isa sa mga itinuturing na mabisang sandata para sa isang mabisang komunikasyon. Ang mabisang komunikasyon ay makakamtan lamang kung nauunawaan natin ang ating binabasa. Ang kaalaman sa pagbasa ay hindi lamang simpleng kasanayan, kailangan pa natin ang ibang uri ng kasanayan upang maging isang epektibong mambabasa. Upang malinang ang kasanayang ito kailangan ang seryoso at puspusang pag-aaral. Napakahalaga sa isang guro at mag-aaral ang pagkakaroon ng isang matibay na pag-unawa sa proseso ng pagbasa. Sadyang mahalaga ang kasanayan sa pagbasa dahil ito ay isang proseso ng pagtanggap at pag-interpretar ng mga impormasyong nakakoda sa pamamagitan ng limbag na midyum.

Kahilingan ng Bagong Kurikulum ay ang paglinang ng mga kasanayang pagbasa at komprehensiyon sa bawat mag-aaral. Upang makaagapay sa tawag ng makabagong henerasyon, kinakailangang matugunan ang problema sa pagbabasa at pang-unawa ng mga mag-aaral lalong - lalo na sa panahon ng New Normal, na kung saan ito ay isang malaking hamon sa ating mga mag-aaral at maging sa ating magkaguruan.

DepEd Memorandum No. 173 s. 2019, Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3B's Initiative) Bilang suporta sa pagpapatupad ng K to 12 Basic Education Program, patuloy na tinutupad ng Departamento ng Edukasyon ang mandato nito na makabuo ng produktibo at tumutugon na mga mahahalagang kakayahan at kasanayan para sa panghambambuhay na pag-aaral.

Base sa naging resulta ng Una hanggang ikatlong Marhahan sa PHIL-IRI (2021-2022) may mga mag-aaral pang hindi natamo ang kakayahang bumasa ng may pag-unawa na kabilang sa instruksiyonal at kabiguan. Dahil dito ang mga guro sa Filipino ay nabahala sa mababang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikalimang baitang ng Southville 5A Elementary School.

Ang panukalang saliksik na ito ay nakatuon upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino.

Ang mga magulang ay may mahalagang papel at tungkulin din na ginagampanan sa paggabay sa kanilang mga anak na mapaunlad ang pagbabasa na pang-unawa, nararapat ding magkaroon ng sapat na oras at panahon na iparamdam nila ang pagmamalasakit sa kanilang anak sa pamamagitan ng pagbabasa ng teksto o kwento. Ipinabalida ang mga teksto na ibinigay batay sa antas ng kasanayan ng mag-aaral kung angkop ba ang mga ito sa kanilang kahandaan at kaisipan sa pagbasa na may pang-unawa.

## PAMAMARAAN

Ang layunin ng panukalang saliksik na ito ay mabigyan ng programang magbibigay ng agarang solusyon sa pamamagitan ng puspusang pagsasanay upang mapaunlad ang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga tukoy na mag-aaral sa ikalimang baitang ng Southville 5A Elementary School.

Mula sa resulta ng Paunang Pagbasa gamit ang PHIL-IRI, ang mag-aaral sa ikalimang baitang na nakakuha ng pinakamababang iskor na kabilang sa pagkabigo ang siyang makikinabang sa programang ito.

Ang magsasagawa ng programa ay hihingi ng pahintulot mula sa mga magulang o tagapangalaga ng mga estudyanteng kasama sa programa. Ang mga kalahok sa proyektong ito ay binubuo ng Siyamnaput-dalawa (92) mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng Southville 5A Elementary School na nasa antas ng pagkabigo. Ito ay nangangailangan ng patnubay ng guro at magulang upang mapaunlad ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa pangangalap ng datos ng pag-aaral na ito, ang mga hakbang na ito ang tutunguhin:

### **DALAY NG PAGSASAGAWA NG PROYEKTONG OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA**

#### **INPUT**

1. Ano ang antas/level ng kakayahan sa pagbasa bago at matapos ang implementasyon ng proyektong Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa?
2. May kabuluhan ba ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan bago at matapos ang implementasyon ng programa?
3. Ano - ano ang mga pangunahing salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagbasa sa teksto ng pag-unawa?
4. Ano-ano ang mga posibleng epekto ng mga natuklasan sa pananaliksik na ito sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa?



#### **PROCESS**

##### **STAGE 1**

1. Birtwal na Pagpupulong tungkol sa pagsagawa ng GST(PHIL-IRI) tool.
2. Paghahanda ng Guro sa mga kagamitan para sa paunang online Pagbasa.
3. Pagsasagawa ng Online Pagbasa Group Screening Test tool
4. Pagkuha ng resulta sa natapos na Paunang Pagbasa.

##### **STAGE 2**

1. Pagkuha ng listahan ng mag-aaral na nakakuha ng reading level na pagkabigo ay magpapatuloy sa Proyektong OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA.
2. Paghahanda ng mga Localized Reading Materials
3. Pagpapatawag sa mga magulang ng bata na kasama sa Proyektong OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA.
4. Pamamahagi ng Localized Reading Material

##### **STAGE 3**

1. Implementasyon at Pagsasagawa ng Online/Offline Reading Remediation/Interbensyon sa mga mag-aaral na kabilang sa proyektong OPPA-Offline/Online na PARAAN sa PAGBASA.
2. Pagpapabasa gamit ang Localized Reading Material
3. Pagbibigay ng follow up reading monitoring assessment per quarter
4. Pagpapatawag sa magulang tuwing distribution of reading materials
5. Pagsasagawa ng Post Assessment Test (Oral and Comprehension)



#### **OUTPUT**

1. Pagkokolekta ng datos at Pag-aanaliza ng Resulta
2. Kabuan o Buod
3. Konklusyon
4. Rekomendasyon
5. Repleksyon
6. Epekto sa Pag-aaral

## PAGTALAKAY

Ang mga datos na nakalap mula sa Pauna at Panapos na pagbasa at pagsusulit ay pinagkumpara.

**Table 1: Resulta ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsagot sa mga katanungan sa paunang pagbasang may pag-unawa.**

	nakasasagot ng mga katanungang Literal	nakasasagot ng mga katanungang literal at paghinuha	nakasasagot ng mga katanungang literal, paghinuha at mapanuring pagbasa	nakasasagot ng mga katanungang literal, paghinuha at mapanuring pagbasa at Inferential
Bahagdan ng mga mag-aaral	70.65%	16.30%	13.04%	0%
Bilang ng mag-aaral	65	15	12	0

Makikita sa Table 1 na may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga katanungang nasa literal na lebel lamang ngunit sa mga katanungang nangangailangan na ito ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang binabasa ay unti- unti nang bumababa ang bilang ng mga mag-aaral na nasasabing sila ay nakasasagot nang mahusay sa mga katanungang inilalahad, patunay lamang ito na nangangailangan ang mga mag-aaral ng interbensyon upang mapaunlad ang kakayahan nila sa pag-unawa sa mga akdang binabasa na siya ring nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral.

**Table 2: Resulta ng obserbasyon ng guro sa kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa**

		Kakayah-an sa Pag-unawang Literal	Kakayahan sa Pang-unawang literal at paghinuha	Kakayahan sa Pang-unawang literal, paghinuha at Kritikal o mapanuring pagbasa	Kakayahan sa Pang-unawang literal, paghinuha, Kritikal o mapanuring pagbasa at Malikhaing pagbasa
Control Group (Pangkat A)	Bahagdan ng mga mag-aaral	54.35%	32.61%	8.69%	4.35%
	Bilang ng mag-aaral	25	15	4	2
Expiremental group (Pangkat B)	Bahagdan ng mga mag-aaral	0%	13.04%	19.57%	67.39%
	Bilang ng mag-aaral	0	6	9	31

Samantala sa itinalang resulta ng obserbasyon (Table 2) sa mga mag-aaral na nasa control group na bagama't may ilang mga mag-aaral na nakasasagot sa mataas na lebel ng mga katanungan ay mas malaking bahagdan pa rin ng mga mag-aaral ang nakasasagot nang mahusay sa mga literal na katanungan. Samantalang sa mga mag-aaral na kabilang sa Expiremental group ay makikita namang mas maraming bilang na ng mga mag-aaral ang nakasasagot sa mga katanungang nasa mataas na lebel pagkatapos gamitan ng interbensyon. Nangangahulugan lamang ito na epektibo ang paggamit ng estratehiyang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa.

Bagama't mayroon pa rin mga mag-aaral na nasa expiremental group ang walang kakayahang sumagot ng mga katanungan sa mataas na lebel maaring ikonsidera ang ilang salik ng pagkatuto na maaring naka-apekto sa kanilang kakayahan tulad ng pagliban sa klase kapag may online remediation o kawalan ng oras ng magulang para gabayan ang bata sa pagbabasa.

Sa kabuuan makikita sa table 2 ang pagkakaiba at epekto ng paggamit ng interbensyon sa dalawang pangkat.

**Table 3: Resulta ng Pretest at Post test**

	Mean Experimental	Mean Control	Difference Between Means	Critical Value	t-value
Pre-Test	20.01	21.64	1.63	1.97	1.538
Post-Test	38.07	29.37	8.7	1.97	10.435

Makikita sa Teybol 3 ang resulta ng pretest ng mga mag-aaral. Inilahad sa teybol na may 1.63 na difirens sa mean o 3.26 % na nangangahulugang halos pantay lang kakayahan ng mga mag-aaral bago pa gamitan ng interbensyon.

Upang malaman kung ang mga mean ay may significant defirens ang t-value ay kinumpyut sa pamamagitan ng Microsoft Excel Data Analysis Toolpack sa pagkompyut ng independent t- test of Two- Sample Assuming Equal Variances. Ang computed t-value na 1.538 ay mas mababa kaysa sa critical value na 1.977 kaya't nangangahulugan lamang ito na walang significant defirens ito sa perfomans ng mga mag-aaral bago gamitan ng estratehiyang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa.

Makikita rin sa Teybol 3 ang resulta ng posttest ng mga mag-aaral. Inilahad sa teybol na may 8.7 na difirens o 17.40%. Pinatutunayan lamang nito na may pagtaas sa performance ng mga mag-aaral pagkatapos gamitan ng estratehiyang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa.

Upang malaman kung ang mga mean ay may significant defirens ang t-value ay kinumpyut sa pamamagitan ng Microsoft Excel Data Analysis Toolpack sa pagkompyut ng Independent T- test of Two- Sample Assuming Equal Variances na may 0.05 alpha value ng level of significance. Ang computed t-value na 10.435 ay mas mataas kaysa sa critical value na 1.978 kaya't nangangahulugan lamang ito na may mayroong significant defirens ito sa perfomans ng mga mag-aaral pagkatapos gamitan ng estratehiyang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa.

Dahil sa iprinisentang mga datos pagkatapos ng pag-aaral pinabubulaaan ng mananaliksik ang walang bisang palagay (null hypothesis) na walang epekto ang estratehiyang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa

sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa sa halip ay tinatanggap ng mananaliksik ang alternatibong palagay (alternative hyphothesis) na nagsasabing may kaugnayan o epekto ang OPPA-Offline/Online na Paraan sa Pagbasa sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa lalo na sa panahon ng pandemya.

### **PAGKILALA**

Ang mananaliksik ay lubos ang pasasalamat at pagkilala sa buong suporta mula sa butihing punong-guro na si Gng. Nenette M. Lacuarin, sa aming school research coordinator na si Gng. Rona A. Alzona, sa aming Filipino coordinator Gng. Daisy M. Carlos sa walang sawang paggabay, sa mga guro ng ikalimang baitang sa Filipino, mga magulang at mag-aaral na kasama sa pananaliksik na ito.

Higit sa lahat sa ating Diyos Ama sa patuloy na pagbibigay lakas at biyaya para magawa ang pananaliksik na ito.

### **SANGGUNIAN**

DepEd Order No. 12, s. 2020. Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in Light of the COVID-19 Public Health Emergency. Manila: Department of Education

DepEd Order No. 45, s. 2002. Reading Literacy Program in the Elementary Schools. Manila: Department of Education, Republic of the Philippines.